CALIFORNIA DEPARTMENT OF JUSTICE

OFFICE OF THE ATTORNEY GENERAL

# Fact Sheet ng Seksyon ng mga Karapatan ng Manggagawa at Makatarungang Paggawa (Worker Rights and Fair Labor Section)

## Pagpoprotekta at Pagtataguyod ng mga Manggagawa sa California

Tahanan ang California ng pinakamalaki at pinaka-diverse na ekonomiya sa anumang estado sa bansa — isang patunay sa katatagan at kakayahan ng mga manggagawa nito. Nakikipagtulungan ang Seksyon ng mga Karapatan ng Manggagawa at Makatarungang Paggawa (Worker Rights and Fair Labor Section o WRFLS) ng Kagawaran ng Hustisya ng California (California Department of Justice) sa Seksyon ng Pagpapatupad ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Enforcement Section) at Seksyon ng Antitrust Law (Antitrust Law Section) ng DOJ para ipagtanggol at isulong ang mga karapatan ng mga manggagawa ng California. Ang misyon ng Seksyon ng mga Karapatan ng Manggagawa at Makatarungang Paggawa (Worker Rights and Fair Labor Section) ay:

- Labanan ang mga sistematikong kagawian sa negosyo na nagpapahina sa ekonomikong seguridad, kalusugan at kaligtasan, at dignidad ng mga manggagawa sa California.
- Magpanatili ng patas na kompetisyon para sa mga lehitimong negosyo na may operasyon sa estado.

## Mga Larangan ng Gawain

Ginagamit ng DOJ kapwa ang paglilitis at adbokasiya para ipaglaban ang hustisya sa lugar ng trabaho, at protektahan at itaguyod ang mga manggagawa sa California sa pamamagitan ng:

### Paglaban sa Pagnanakaw ng Sahod at Pagsasamantala

Ipinagkakait ng pagnanakaw ng sahod sa mga manggagawa ang kanilang pinaghirapang kita, na pinupuwersa sila sa kahirapang pinansyal at kadalasan ay bumibitag sa kanila at kanilang pamilya sa mga siklo ng kahirapan sa maraming henerasyon. Kadalasan, mga bulnerableng manggagawa ang napupuntirya ng pagnanakaw ng sahod, katulad ng mga manggagawang may mababang sahod, imigrante, at di-dokumentadong manggagawa, na mas malamang ay hindi maggigiit ng kanilang karapatan dahil sa takot o kawalan ng rekurso.

### Paglaban sa Maling Klasipikasyon sa Manggagawa

Ang maling klasipikasyon ng mga empleyado sa mga manggagawa bilang mga independiyenteng kontraktor ay nagkakait sa kanila ng kanilang karapatan sa mga legal na proteksyon, kabilang ang karapatan sa minimum na sahod, overtime, at kompensasyon ng mga manggagawa. Binabaluktot ng laganap na maling klasipikasyon ang kompetisyon sa buong industriya, na nagiging banta sa matatag na hanapbuhay, nagpapalala sa di-pagkakapantay-pantay ng kita, at nagpapahina sa patas na kompetisyon.

### Pagtatanggol at Pagpapalawak ng mga Proteksyon sa Minimum na Sahod

Ang pagtitiyak na nakakatanggap ang mga manggagawa ng patas at sapat na kompensasyon para sa kanilang oras ay nakakatulong na maiahon sila sa kahirapan, mapakitid ang di-pagkakapantay-pantay ng kita, maghain ng pagkain sa hapag-kainan ng milyun-milyon, at magbukas ng pinto tungo sa mas mahusay na buhay para sa mga susunod na henerasyon.

### Pagpoprotekta sa Kalusugan at Kaligtasan ng mga Manggagawa

Habang patuloy sa mabilis na pag-usad ang climate change, at habang higit na naghahangad ang mga employer sa walang-habas na pagsubaybay at pagbabantay sa produksyon sa lugar ng trabaho, lalong dumarami ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa maraming industriya. Patuloy na itataguyod ng DOJ ang mas malakas na mga proteksyon sa kalusugan ng mga manggagawa sa buong U.S.

### Paglaban sa mga Kagawiang Kontra-Kompetisyon na Nakakapinsala sa mga Manggagawa

Pumipigil o nakakapagpahina ng loob ng mga manggagawa ang mga ilegal na kontratang no-poach, non-compete, at training repayment sa paghahangad nila ng mga bago at mas mahusay na oportunidad, at puwedeng pumigil sa mga employer na mag-hire ng mga kwalipikadong manggagawa. Ang paghadlang sa mobilidad ng manggagawa ay nangangahulugan hindi lang ng pag-aalis sa mga indibidwal na manggagawa ng kakayanang mapabuti ang kanilang ekonomikong kalagayan, kundi paglilimita rin sa kompetisyon sa mga labor market, na posibleng magresulta sa pagpapaliit ng mga sahod para sa lahat ng manggagawa.

## *Mga Karapatan at Rekurso ng mga Manggagawa*

Bilang manggagawa sa California, dapat alam mo ang tungkol sa iyong mga karapatan sa lugar ng trabaho, kabilang ang:

- Posible kang maging empleyado kahit na tinatawag kang kontraktor.
- May mahahalaga kang karapatan sa sahod-at-oras, kabilang ang karapatan sa minimum na sahod.
- Nararapat mong tamasahin ang iyong mga sahod, tip at naipong bakasyon.
- May karapatan ka sa pahinga — kapwa ang bayad at di-bayad.
- Hindi wasto ang karamihan sa mga kontratang naghihigpit sa iyong kakayahang makipagkompitensya sa iyong nakaraang employer.
- May karapatan ka sa mga ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho.
- Puwede kang makatuwirang tumanggi sa di-ligtas na trabaho.
- Hindi puwedeng gumanti laban sa iyo ang employer mo sa iyong paggamit ng iyong mga karapatan.

Kung may kilala kang employer na sa tingin mo ay lumalabag sa mga batas sa lugar ng trabaho, at nais mong magreklamo, puwede kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng Attorney General sa oag.ca.gov/report.

**OAG.CA.GOV/REPORT**